USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist Sa Pagprotekta Laban Sa Mga Ligaw na Ibon, Daga, at Insekto

Ang pagkain, tubig, at kanlungan sa mga lugar kung saan nakatira ang mga ibon ay pang-akit ng mga ibon na ligaw, daga, at mga insekto. Mahalagang protektahan ang iyong mga manok mula sa mga mikrobyo at mga sakit na maaaring dala ng mga peste: mga insekto at iba pang parasito, mga virus na gaya ng avian influenza, mga bakterya gaya ng Salmonella at Campylobacter, o iba pang mga tagapagdala ng sakit. Kung ikaw man ay bahagi ng malaking komersyal na negosyo o nag-aalaga ng mga ibon bilang isang libangan, tiyakin na ang lahat na may access sa iyong kawan ay sumusunod sa mga gawi sa biosecurity upang pigilin ang mga bantang ito.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng kooperatiba sa lalong madaling panahon. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga contact sa iyong lugar. Kung mas maaga ang pagkilos, mas madaling mapipigilan ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Suriin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | Numero ng Telepono |
|---|---|
| Beterinaryo | ____________ |
| Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | ____________ |
| Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | ____________ |
| USDA | 866.536.7593 |

DEFEND THE FLOCK

BIOSECURITY

Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

USDA
United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga Makatutulong na Tip Upang Panatilihing Malusog ang Iyong mga Kawan

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang plano sa biosecurity na partikular sa isang lugar, mangyaring sundin ito. Dapat tiyakin ng mga tagapag-alagang pangkomersyal na ang kanilang mga planong partikular sa isang lugar ay sumusunod sa mga prinsipyo ng biosecurity ng Pambansang Plano sa Pagpapabuti ng Manukan.

- ☐ **Unawain kung ano ang maaaring sanhi ng panganib sa sakit:** hindi lamang ang mga ligaw na ibon at peste. Ang mga balahibo, mga pugad, dumi, at iba pang mga organikong bagay ay maaari ding magdala ng sakit. Ang mga bagay na ito ay maaaring makalapit sa iyong kawan sa pamamagitan ng mga bakod/kulungan ng manok, feed at supply ng tubig, at kahit na mga sasakyan sa iyong ari-arian.
- ☐ **Regular na suriin ang mga kulungan at bahay-manukan** para sa mga lugar na pinapayagan ang mga ibon na dumapo, magpugad, o pumasok. Kasama sa mga ito ang pinalawak na eaves ng bubong, bentilasyon ng rooftop, mga kawad sa itaas, mga punit na screen, butas, at mga sirang bukasan ng pinto. Ang mga konkretong apron sa paligid ng mga pader ng gusali ay nakahadlang sa mga naglulunggang hayop.
- ☐ **Walisin ang mga lumang pugad bago ang panahon ng pamumugad**—ang mga ibon ay babalik sa parehong mga pugad taun-taon.
- ☐ **Linisin at disimpektahin ang mga kulungan ng manok.** Kabilang dito ang pag-aalis at pagtatapon ng mga dumi. Madaling mahawahan ng mga ibong maysakit ang mga straw at iba pang higaan.
- ☐ **Huwag bigyan ang mga ligaw na ibon, daga, at insekto ng libreng tanghalian!** Alisin ang lumigwak o hindi nakaing pakain sa lalong madaling panahon, at siguraduhing sarado ang mga lalagyan ng pakain at walang mga butas.
- ☐ **Protektahan ang suplay ng tubig ng iyong kawan.** Siguraduhing hindi ito mapapasok ng mga ligaw na ibon, daga, at iba pang mga peste. At kung maaari, gumamit ng supply ng tubig galing munisipyo o na-treat na tubig-balon para alam mong malinis ito.
- ☐ **Huwag maglakad o magmaneho ng mga trak, traktora, o kagamitan** sa mga lugar kung saan maaaring mayroong dumi ng waterfowl o iba pang mga hayop. Kung hindi mo ito maiiwasan, linisin nang mahusay ang iyong mga sapatos, sasakyan, at/o kagamitan upang maiwasan ang pagdadala ng mga tagapagdala ng sakit pabalik sa iyong kawan.
- ☐ **Alamin ang mga babalang palatandaan ng sakit sa manok,** tulad ng mga pagbabago sa kung gaano karami kumain o uminom ang iyong mga ibon/manok, tumaas na bilang ng kamatayan sa iyong kawan, o pangkalahatang sakit.

## Tiyaking:

*Alamin kung kailan ang paglipat ng mga ligaw na ibon sa iyong lugar. Maging sobrang maingat sa panahong ito upang protektahan ang iyong kawan mula sa mga nakakahawang sakit. Kung makakita ka ng mga pugad ng katutubong ibon na may mga itlog o sisiw sa loob nito, makipag-ugnayan sa iyong ekstensyon ng tanggapan ng kooperatiba.*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano panatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK BIOSECURITY Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-4 • Inilabas Nobyembre 2018

Ang USDA ay isang tagapag-empleyo, tagapagpahiram at tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon.